

KALIPUNAN NG MGA SALITANG UMUSBONG SA PANAHON NG PANDEMYA BILANG KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG FILIPINO AT ANTAS NG MALIKHAING PAG-UNAWA SA PAGBASA

RAMCEE MORENO TOLENTINO, MAEd-Filipino¹

IMELDA G. CARADA, Ph.D²

16-fs-fil-160@lspu.edu.ph

0000-0001-9662-2485

Laguna State Polytechnic University Brgy. Del Remedio, San Pablo City Campus

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya bilang Kagamitan sa Pagtuturo sa Filipino at sa Antas ng Malikhaing Pag-unawa sa Pagbasa na may layuning mapataas ang antas ng pagka-unawa sa paraang malikhain batay sa orihinalidad ng mga salita, konotasyon, at imahinasyon ng mag-aaral. Dahil bahagi ng mga pinag-aaralan sa panitikang Filipino na na punong-puno ng mga tanong at pagbibigay ng interpretasyon na kailangang gamitan malikhaing pag-unawa. Ginamit ng mananaliksik ang eksperimental na paraan, ang mga naging tagasagot ay may kauoang 100 ng baitang 12 SHS na mga mag-aaral ng Dr. Panfilo Castro National High. Bago gamitin ang Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya, ang antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa orihinalidad ay 2.00 o 2% lamang mula sa 100 na mga mag-aaral ang nasa pinakamahusay at 65 o 65% mula sa 100 ang nasa hindi nakamit ang inaasahan. Batay naman sa konotasyon ay 1.00 o 1% mula sa 100 na mga mag-aaral ang nasa di-gaanong mahusay at 99.00 o 99% mula sa 100 ang nasa hindi nakamit ang inaasahan. At ang imahinasyon naman 96.00 o 96% ang nasa hindi nakamit ang inaasahan. Samantala pagkatapos gamitin ang kalipunan ng mga salita ang antas ng orihinalidad ay nagkaroon ng 48.00 o 48% mula sa 100 ng mga mag-aaral ay nasa pinakamahusay at 11.00 o 11% na lamang ang nasa hindi nakamit ng inaasahan. Sa konotasyon 37.00 o 37% ng 100 na mga mag-aaral ang nasa pinakamahusay at 1.00 o 1% na lamang ang nasa hindi nakamit ang inaasahan. At ang huli ay ang imahinasyon na may 49.00 o 49% mula sa 100 na mga-aaral ang nasa pinakamahusay at 1.00 o 1% na lamang ang nasa hindi nakamit ang inaasahan. Kaya naman nabatid sa pag-aaral na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Kalipunan ng mga Salitang Umusbong sa Panahon ng Pandemya batay sa p-value na .000. Ang hinuha na walang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa bago at pagkatapos gamitin ang mga naturang salita ay hindi tanggap o rejected. Ang naging resulta at kongklusyon sa pag-aaral na ito ay nakatulong ng malaki ang mga naturang salita sa antas ng malikhaing pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Mga susing salita: Kalipunan ng mga salita sa Pandemya, Orihinalidad, Konotasyon, Imahinasyon, LAS, Brochure, Malikhaing Pag-unawa, Pagbasa